

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos dahil sa Siya ay hindi nagbabago, hindi tulad ng mga bagay sa mundo. Pasalamatang Siya sa lahat ng mabuting kaloob na ibinigay Niya sa iyo. Ipanalangin na sa Kanya ka lamang manalangin para sa lahat ng pangangailangan mo sa araw-araw at na magtitiwala sa Kanya anuman ang mangyari.
- Ipanalangin na kahit ang iyong pananampalataya ay sinusubok, matututunan mong magalak sa gitna nito at mananatili kang matatag. Ipanalangin na habang ito'y ginagawa mo, mahihikayat ang iba na maging matatag din sa kanilang pananampalataya.
- Ipanalangin na magawa patulyo mong maipakita ang katapatan at kabutihan ng Diyos sa iyong pamilya at mga kaibigan.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---



FILIPINO WEEK 1

## Ang Pagsubok sa Pananampalataya

## WARM-UP

- Ano ang pinakamahirap na pagsusulit na kinuha mo para sa pag-aaral o paghahanap ng trabaho. Paano ka naghanda para dito, at ano ang naging resulta ng pagsusulit?
- Sino ang kilala mo na hindi madaling sumuko? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.
- Ano ang pinakamatinding hamon sa pananalapi ang iyong hinarap? Paano mo ito nalagpasan?

## WORD

<sup>2</sup>Mga kapatid, magalak kayo sa tuwing dumaranas kayo ng mga pagsubok. <sup>3</sup>Sapagkat alam ninyong nagdudulot ito ng katatagan sa inyong pananampalataya.

**SANTIAGO 1:2,3**

(Basahin din ang **SANTIAGO 1:4-18.**)

Sinulat ni Santiago, kapatid ni Jesus, ang liham na ito upang palakasin ang loob ng mga mananampalataya at paalalahanan sila patungkol sa tamang paraan ng pamumuhay bilang Kristyano. Hinimok niya sila na harapin ang mga pagsubok ng may pananampalataya, anuman ang kanilang pinagdaraan o kalagayan sa buhay. Sa araling ito, ating titignan ang apat na katotohanan tungkol pananampalataya, mga pagsubok, katatagan, at katapatan ng Diyos.

## 1 Masusubok ang ating pananampalataya.

*Mga kapatid, magalak kayo sa tuwing dumaranas kayo ng mga pagsubok. SANTIAGO 1:2*

Ipinangako ng Bibliya na ang mga mananampalataya ay haharap sa iba't ibang uri ng mga pagsubok. Subalit kapag dumarating ang mga pagsubok, dapat tayong magalak, hindi dahil sa dinaranas natin ang mga ito, kundi dahil sa nagiging bunga nito sa ating mga buhay. Paano nagiging pagkakataon para sa paglago natin ang mga pagsubok, kaguluhan, o paghihirap?

.....

.....

## 2 Ang pagsubok ay nagdudulot ng katatagan.

*Sapagkat alam ninyong nagdudulot ito ng katatagan sa inyong pananampalataya. SANTIAGO 1:3*

(Basahin din ang **SANTIAGO 1:4**.)

Kung tayo, bilang mga mananampalataya, ay magpapatuloy sa oras ng pagsubok, tayo ay magiging matatag—na nangangahuluan ng pananatili sa ating kinalalagyan, pagiging maaasahan, at hindi madaling matitinag. Kahit pa mahirap harapin ang pagsubok, tayo ay lumalago habang pinagdadaan natin ito. Ano ang mangyayari kung hahayaan nating maging ganap ang katatagan ng ating pananampalataya?

.....

.....

## 3 Ginagantimpalaan ng Diyos ang pagiging matatag.

*. . . tatanggapin niya bilang gantimpala ang buhay na walang hanggan, na ipinangako ng Diyos sa mga nagmamahal sa kanya.*

**SANTIAGO 1:12**

Siniguro ni Santiago sa atin na kung tayo ay magiging matatag sa gitna ng pagsubok, tayo ay pagpapalain, at matatanggap natin ang gantimpala mula sa Diyos.

Ito lamang ang tunay na mahalagang gantimpala: ang buhay na walang hanggan kay Cristo. Kanino ipinangako ng Diyos ang buhay na walang hanggan?

.....

.....

## 4 Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting bagay.

*Lahat ng mabubuti at angkop na kaloob ay nanggagaling sa Diyos na siyang lumikha ng mga bagay sa langit na nagbibigay-liwanag. . . . ang Diyos ay hindi nagbabago. SANTIAGO 1:17*

Ipinaalala ni Santiago na kahit pa sinusubukan ng Diyos ang tao, hindi Niya sila dinadala sa tukso (Santiago 1:13-16). Sa katunayan, dahil sa hindi nagbabagong katangian ng Diyos, nananatili Siyang tapat at labis ang pagbibigay Niya ng lahat ng mabuti. Paano ka hinihikayat ng hindi nagbabagong katangian ng Diyos na maging matapat sa Kanya sa kabila ng mga pagsubok na iyong hinaharap?

.....

.....

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na may nakalaan ang Diyos na gantimpalang korona ng buhay para sa mga nagmamahal sa Kanya at na Siya ang nagbibigay ng lahat ng mabuti at walang kapintasang mga kaloob? Paano ka lalago ngayong linggo sa pagpapahalaga mo sa kabutihan ng Diyos sa buhay mo?
- Papaano mo magagawang magalak sa kabila ng mga pagsubok? Paano mo mahihikayat ang iba na maging magalak din sa kanilang mga pagsubok at magtiwala sa Diyos?
- Ipanalangin ang isang kapamilya o kaibigan na kasalukuyang dumaranas ng pagsubok sa kanyang pananampalataya. Paano ka magiging daluyan ng at ipaalala sa kanya ang kabutihan at katapatan ng Diyos sa oras na ito?